

Dugo sa Gunita

Cirilo F. Bautista

Isa

Ako si Morel Pardo. Hindi mahalaga na paniwalaan ninyo ang aking ilalahad, pero nais kong maisatitik ang matagal nang nagpapabigat sa aking isipan at damdamin. Iyan ang mahalaga. Apatnapung taon na ako, mahilig lumikha ng tula, binata, malusog, at may mabuting trabaho. Hindi mahalaga kahit na ang mga iyan—paano ko ito sasabihin?—kung ihahambing sa mga pangyayaring aking kinasangkutan, o napag-alaman. Kung isang pagsasalin ang lahat ng buhay buhat sa wika ng pagiging makatao tungo sa wika ng pagiging makahulugan, ang panitikan ang pinakamakapangyarihang bagay sa lahat. Nagdaragdag ng lakas sa lakas at nagtatapos sa kahinaan ng katauhan ang bawa't buhay na iniluwal ng pluma sa papel. Dahil marupok ang damdamin, marupok din ang alaala—alamat lamang ang una kung hindi mapipigil ang kapalaluan ng ikalawa. Isang pagtatangkang magbigay katuran sa mga madaling maglaho sa yungib ng paglimot, isang pagliligtas, ang kasulatang ito na atubili kong hinabi. Hindi isang pagliligtas, hindi, kung tutuusin, kundi isang paghahayuma sa lambat ng kapalaran.

Dalawa

Kahit gaanong kasugid ang aking pagsisikap, hindi ko na matandaan kung saan ko unang nakatagpo si Flora Sanchez. Marahil sa isang bahaykainan, habang humuhigop ako ng ikalawang tasa ng kape; o sa isang tindahan ng sapatos na aking tinatangkilik dahil malapit sa aking tanggapan; o sa isang sinehan habang nakapila kami at bumibili ng tiket. Marahil. Pinahihirapan ko ang aking gunita dahil mahalaga na aking malaman—diyan nakasalalay ang hinahangad kong pagbuo ng ilang bahagi ng aking napunit na nakaraan. At hindi lamang tandaan, kundi tandaan nang tama at walang alinlangan upang mabigyang paliwanag ang dugo sa aking gunita. Mayroong mga tao at bagay na hindi natin masyadong binibigyan ng pansin sa pangkaraniwang buhay, subali't biglang darating ang pagkakataon na mag-aangkin ang mga ito ng pambihirang kahulugan dahil maikakabit natin sa isang maselang sinulid ng ating kaluluwa. Ganyan ang pakiramdam ko kay Flora. Maaaring sa isang panaginip kami unang nagkita—bakit hindi kung kaluluwa ang pag-uusapan—at hindi kataka-taka iyan sa liwanag ng mga bagong agham, at kung hindi kalilimutan na isang walang-katapusang bugtong ang buhay.

Matindi ang aking pagsisikap na matagpuan si Flora Sanchez.

Sumagi sa aking damdamin ang aking pagnanais na malaman kung saan kami unang nagkita nang dumaong ang bapor na aming sinasakyan sa Sorrento. Kahawig ni Flora ang isang babaeng nakilala ko sa paglalakbay—kulay-San Antonio ang buhok, maputing kutis, bilugang mukha, matangos na ilong, labing tila laging nakangiti, katamtamang taas, malusog na pangangatawan. Nauna siyang bumaba sa pantalan at habang minamasid ko siyang lumalakad patungo sa isang naghihintay na kotse, hindi ako maka-paniwala na hindi siya si Flora.

Isang bahagi ng bugtong na aking nabanggit ang pagtungo ko sa Italya.

ISANG UMAGA SA KALAGITNAAN ng buwang Abril, abala ako sa aking gawain sa tanggapan ng pamahalaan na aking pinaglilingkuran nang pumasok si Dory, ang aking kalihim, at nagsabing mayroon akong panauhin. Tinignan niya ang nakasulat sa kanyang hawak na tarheta.

“Gianni Sorca ang pangalan, taga UNESCO,” sabi niya.

Matipuno ang katawan ng lalaking banyaga na pumasok sa aking opisina, mababa ang tindig—marahil ay limang talampakan at apat na pulgada lamang—at lagiinling. Halos matakpan ng mapula at mahabang buhok ang kanyang mukha. Sikig siya kaya’t malapad sa tingin ang kuwelyo ng kanyang berdeng kamisadentro. Nakatupi ang laylayan ng kanyang itim na pantalon sa ibabaw ng isang pares ng puting sapatos na goma. Matatag ang kanyang pakikipagkamay sa akin. Sa tantiya ko, kasing-gulang ko siya. Pinaupo ko siya.

“Dinaramdam kong gambalain kayo, Mr. Pardo,” bungad niya, “gayong ako’y di ninyo kilala.”

“Walang anuman iyon. Taga-UNESCO ka?”

“Isa akong tagasalin doon. Mayroon kaming pulong sa Maynila ngayong linggo. Sinamantala ko ang pagtatapos ng aming sesyon upang sadyain ka.”

“Matatas ang iyong Tagalog. Saan mo natutuhan ang aming wika?”

“Sa inyong embahada sa Roma. Tinuruan ako ng isang Pilipina. Hindi mo naitatanong, isa akong Italyano, kahit na hindi ako mukhang Romano. Belga ang aking ama, Pranses ang aking ina. Lumaki ako sa Roma kung saan may negosyo ang aking ama. Marunong ako ng anim na lengguwahe. Matagal na ako sa UNESCO. Ang totoo’y ilang ulit na akong nakadalaw dito sa inyong bayan. Marami akong kaibigan dito na tumutulong sa akin—”

“Tumutulong?”

“Sa pananaliksik tungkol sa kalinangang Pilipino.”

“Tila malalim ang iyong hilig sa aming bayan,” sabi ko.

«Totoo. Ako’y isa ring”—at nag-aatubili siya nang ilang saglit—“makata, kagaya mo, ngunit hindi kasing-husay mo. At iyan ang nagdala sa akin dito. Nabasa ko na ang mga epiko mo. Nagandahan ako. May sinusulat din akong mahabang tula, sa Tagalog, na pangsamantalang pinamagatan kong *Daluyong*. Hihingi sana ako ng payo mo.”

“Binibigyan mo ng kalabisan ang aking kakayahan. Gayon pa man, pagbibigyan kita. Habang nanananghalian sa aking paboritong kainan, mag-usap tayo. Paano mo nalaman kung saan ako matatagpuan?”

“Nagtanong ako sa Solidaridad Bookshop. Kilala ka ng may-aring si Frankie Jose.”

Pinagbilinan ko si Dory ng ilang bagay, pinirmahan ang mga tseke at papeles sa aking mesa, at nagsadya kami ng aking bisista sa Jadestone Restaurant. Tinahak namin ang E. Rodriguez patungong Welcome Ronda. Nasa likurang upuan kami ni Gianni at nasa manibela si Fajardo, ang tsuper ng aming opisina. Masikip ang trapiko sa kanto ng Araneta bago lumagpas ng Quezon Institute, at lumuwag lamang nang paakyat na kami sa gawi ng Banawe. Matamang pinagmasdan ni Gianni ang nadaraan namin tanawin. Malinis at maayos na ang dating marurumi at magugulong bangketa. Wala na ang mga nagtitinda ng sigarilyo, mani, kendi, tinapay at pamatid-uhaw. Nawala na rin ang mga pulubing lumalaboy sa lansangan. Buhat nang igawad ang Batas Militar noong Setyembre ng nakaraang taon, dumating ang pagbabago sa buhay at pag-iisip ng sambayanan. Alam kaya ito ng aking katabi? Sa malayong luklukan ng Santo Papa, narinig ba nila ang dagundong ng mga trak na naglululan ng mga tahimik na sundalo, nakaunipormeng berde at may hawak ng marahas na armalite, patungo sa pook na tinusok na sa mapa at nagkakanlong sa mga inaakalang kaaway? Luminis ang mga kalsada, walang alinlangan, at nakikita namin sa aming pagkanaan na tila bagong hilamos ang kahabaan ng Quezon Boulevard—tinanggalan ng mga pangit na karatula, nilagyan ng mga halaman, at winawalis oras-oras ng mga pangkat ng babaeng naka-kamisetang dilaw. Hindi ka na mata-takot maglakad sa kalye Raon sa Maynila. Wala nang nakaumbok na baril sa bulsa o nakasukbit sa sinturon ng mga lalaking masasalubong mo. Higit sa sampung libong rebolber, riple at mabibigat na armas ang nasamsam ng pamahalaan. Nang tipunin ang mga ito sa isang lugal at ipakita sa mga peryodista, isang bundok na bakal ang nabuo. Naging unano ang mga opisyal ng pulisya na nakunan ng larawan sa harap nito.

“Nais kong malaman,” baling sa akin ng aking katabi, “kung bumubuti ang lagay ng katahimikan at kaayusan sa Kamaynilaan.”

“Walang duda,” sagot ko. “Bumaba ang antas ng krimen. Paano hindi, eh, natatakot ang mga masasamang-loob. Puspusan ang paglaban ng gobyerno sa kanila. At mabibigat ang parusa. Alam mo na, nasa kamay ng Pangulo ang batas.”

“Ibig mong sabihin, siya ang gumagawa ng batas? Hindi ba mapanganib iyan?”

“Sa ilalim ng mga kalagayan ngayon, huminto ang pag-andar ng kongreso. Dahil pinuno siya ng militar, may karapatang gumawa at magpatupad ng batas ang Pangulo. Siempre, puwede siyang magmalabis, at iyon ang masama. Ngunit sa tingin ng marami hindi niya gagawin iyon.”

“Balita sa Italya, bago ako umalis doon na marami raw ipinapatay at ipinabilanggo—”

“Hindi lubos na makatotohanan ang balitang iyan. Hindi ipinagkakaila na dinampot ang ilang pusakal na kriminal at pulitikong nang-abuso ng kanilang posisyon. Ang mga kaaway ng estado—ang makakaliwa at rebolusyonaryo—kailangang pigilin sila sa paggawa ng gulo. Kung hindi, darami ang suliranin ng bayan.”

“Hindi popular ang Pangulo, kung gayon?”

“Walang pag-aaral diyan. Ewan ko, pero hindi naman katanyagan ang kasangkot dito. Hindi siya mang-aawit o mananayaw na dapat magtamo ng palakpak ng bayan bago siya makagawa ng dapat niyang gawin.”

“Nakatutulong ang numero,” sabi ni Gianni, “kung nais mong mabatid ang pulso ng bayan. Nakasalalay ang buhay ng demokrasya sa kuro-kuro ng nakararami. Sila ang naghalal sa mga pinuno ng pamahalaan—”

“At nag-umpisa ng kaguluhan. Alam mo, hindi demokrasya ang pinakamahusay na uri ng pamahalaan— ito ang pinakamahina— dahil sinusunod nito ang gusto ng madla na walang sariling utak at kakayahan. Sino ang nagsabi na kailangan lumitaw ang isang superman buhat sa kamangmangan ng nakararami?”

« Si Nietzsche. Tinawag niya ang demokrasya na ‘isang kahibangan sa pagbibilang ng ilong.’ Pero alam natin na nagmamaktol lamang siya. Ang totoo’y Kristiyano siya hanggang talikuran niya ang relihiyon noong siya’y binata pa. Kamutin mo ang isang ateista at lalabas ang isang maka-Diyos.”

“Sinabi mo. Sa kalagayan namin ngayon, ng aking bayan, ibig kong sabihin, sinusubok namin ang paraan ng nakakokonti sa paggabay sa nakararami.”

“Nagtatagumpay ba naman kayo?”

“Maaga pa upang pagpasiyahan iyan. Kung hindi magbabago ang takbo ng lahat, maganda ang kalalabasan. Pero, bakit ba pulitika ang ating pinag-uusapan? Ngayon, sabihin mo ang totoo— ano’ng pakay mo sa pagtuntun sa akin?”

Ngumiti siya. “Gaya nang sinabi ko, ako’y tagahanga mo. Hindi ako nagbibiro. Nabili ko ang dalawa mong libro ng epiko sa Solidaridad Bookshop at nagustuhan ko ang mga iyon. Mayroon din akong nasulat na epiko, hindi mo naitatanong, sa wikang Pranses, nilimbag nang pribado. Sa Tanganyika noong nakaraang taon, sinimulan ko ang isang tula, sa Tagalog, tungkol sa pagbabago sa Asya at ang ginagawa nitong kaukulang pagbabago sa pag-iisip ng tao. Kung madadalaw ka sa Tanganyika, maiintindihan mo kung bakit ako nagsulat ng tula doon. Pagkatapos ng trabaho ko sa pagpupulong, wala akong mapuntuhang lugal na naiibigan ko. At ang lungsod! Mainit, marumi, lahat ng itim na makausap ko tila gunggong o kriminal! Maaaring nagkakamali ako, nguni’t pakiwari ko’y galit sila sa akin dahil puti ang aking balat. Kaya’t namalagi ako sa aking hotel at pinalipas ang oras sa pagsusulat. At pagbabasa ng iyong epiko. Naipasiya kong hahanapin kita kapag napunta akong muli sa Maynila. Kahapon, nakausap ko si Frankie. Tinanong ko kung kilala ka niya—nakita ang mga aklat mo roon—at sina-bi niyang kakilala ka niya. Binanggit niya kung saan kita matatagpuan, at narito ako.”

“Pinatataba mo ang aking puso,” sabi ko. “Kumusta ang iyong tula?”

“Ayun, nasadlak sa dusa,” sabi niyang umiiling. “Nahihirapan ako sa paudlot-udlot, patigil-tigil na pagsusulat. Kailangan ko’y mahabang panahon upang mahuli ang patuloy na daloy ng aking isipan, pero kailangang harapin ko sa araw-araw ang aking trabaho. Na nakababagot nguni’t dapat asikasuhin.”

“Problema ko rin iyan. Inabot ng limang taon bago ko natapos iyong una kong epiko.”

“Ang sumpa ng guniguni,” bigkas ni Gianni.

“Ha?”

“Inakala ng mga Griyego na hibang ang mga lumilikha ng sining. May mas mahalagang bagay na magagawa sila— maging sundalo, halimbawa. Kung isa kang makata, wala kang silbi sa lipunan. Alipin ka ng iyong guniguni.”

Napatawa ako. “Gayon na nga. Lalo na dito sa aking bayan. Kahit ganong kahusay ka, kahit ilang libro na ang nagawa mo, hindi pa rin uunlad ang iyong buhay. Mangilan-ngilan lang ang tatangkilik sa iyo dahil, ay, halos walang nagbabasa dito. Madaling mamatay ang manunulat dito.”

“Sa amin din,” sabi niya.

“Hindi. Napanood ko sa telebisyon kung paano pumipila ang tao upang bumili ng aklat sa Italya at Inglatera. Nakita ko ang mga tao na nagbabasa habang naghihintay ng tren o bus sa himpilan. Hindi, Gianni, kayo ay isang lipunan ng mambabasa. Huwag kang magpakumbaba.”

“Sa tingin mo ba’y mababago ang kalagayan dito?”

“Alanganin ako. Paano mo mapagbabasa ang mahihirap na hindi na-kapag-aral? Paano mo hahasain ang kanilang panlasa sa sining? Hindi ko sinasabing hindi iyan magagawa, nguni’t kailangan ang mahabang panahon at malakihang puhunan.”

“Kahit na nasa Pangulo ang lahat ng kapangyarihan?”

“Kahit na. May hangganan ang kanyang poder at hindi niya mahahawakan ang kamalayan ng bawat Pilipino.”

Kumaliwa kami ng Marica Avenue. Sumagi sa sulok ng aking paningin ang daang patungo sa Pamantasan ng Pilipinas sa aming kanan. Hindi nagtagal muli kaming kumaliwa upang pumasok sa bakuran ng Jadestone Restaurant. Dalawang palapag ang gusali—mga restoran, silid-pulungan, at tindahan sa ibaba, at sa itaas, mga silid-paupahan para sa mga bisita at turista. Maluwang ang hardin na pumapaligid sa gusali, natatamnan ng mga nagtataasang palmera, kalasutsi, mga bulaklaking halaman ng iba’t ibang uri—suntan, bird of paradise, gumamela, rosas—na nagdudulot ng makulay na kaginhawahan sa pananaw.

Bumaba kami ng kotse sa harap ng pangunahing pintuan. Naglakad kami sa loob ng bulwagan, tumawid ng isang pasilyo, at pumasok sa Joseph’s Grill House. Pagkatapos naming pumili ng isang mesang malapit sa bintanang salamin, nilapitan kami ng isang serbidor na nag-abot sa amin ng listahan ng mga pagkain. Humingi kami ng puting alak. Nang dumaloy ang init ng isang lagok sa aking lalamunan, dumalaw sa aking gunita ang larawan ng isang maliwanag at luntiang bukirin, na sinundan ng isang gabing tahimik sa tabi ng Pasig, at kuminang ang malaking duyan na buwan sa langit at nagbadya ng nakabibighaning romansa.

“Dapat mong makita ang mga taniman ng ubas sa Italya,” sabi ni Gianni habang iniikut-ikot sa kanyang palad ang kopita, “upang malaman mo kung bakit nahuhumaling ang buong mundo sa likidong ito. Anong trabaho mo sa iyang pamahalaan, kung di mo mamasamain?”

“Maliit ang aming opisina, subali’t tuwirang nasa ilalim ng Pangulo. Kaya’t kung ano ang kanyang ipagawa sa amin, iyon ang aming ginagawa—

karaniwang sa larangan ng pananaliksik, pagsusulat, at pagsisiyasat.” Nag-atubili akong dagdagan pa ang aking nabigkas.

“Malawak na larangan iyan. Marahil, lihim ang inyong mga gawain.” Hindi niya batid na napakalapit sa katotohanan ang kanyang sinambit.

“Hindi naman,” iwaw ko. “Masasabing kung walang panahon ang Pangulo, kami ang nag-iisip para sa kanya. Paminsan-minsan binibigyan niya kami ng maselan na gawain, iyong may kaugnayan sa kalusugan ng estado. Kadalasan, nakasusuya ang aming buhay sa opisina. Kasi, hanggang maaari, nais ng Pangulo na mag-isip para sa kanyang sarili. Alam mong matas ang kanyang pag-iisip.”

Dumating ang aming pagkain. Para sa akin, pinausukang salmon na nilagyan ng puting salsa at napapaligiran ng piniritong patatas at kabute, at isang tumpok nang umuusok na kanin; para sa aking bisita, tenderloin steak sa salsang itim, dinurog na patatas at gisantes. Ilang sandali kaming natahimik habang nilalalahan namin ang nasa aming harapan. Napansin kong okupado ang lahat ng mesa sa loob ng munting restoran. Mga kawani ng iba’t ibang tanggapan ng pamahalaan ang karamihan ng nandoon, batay sa kanilang pananamit at pananalita. Namumukhaan ko ang ilan sa kanila.

Dinampian ni Gianni ng serbilyeta ang kanyang labi bago nagsalita: “Tinawag kong ‘Daluyong’ ang aking tula. Bukod sa isang malaking alon, may iba pa bang kahulugan ang salitang iyan?”

“Wala na, sa aking pagkakaalam. Liban na lang kung ang kataling-hagaan ang pag-uusapan, at maraming masasaklaw iyan.” Uminom ako ng malamig na tubig. “Magandang metapora ang daluyong para sa rumaragasa, nag-aalab at di mapipigilang damdamin. Ganyan ba ang iniisip mo?”

“Hindi ko alam,” sabi ni Gianni. “Hindi damdamin ng isang tao, sigurado ako, kahit na ng bayaning tauhan, kundi ng isang bayan. Maaari ba iyon?”

“Bakit hindi? Kung tutuusin, sino ba ang tunay na bayani ng isang epiko kundi ang lipunan, ang bayan, na may sariling katauhan at kamalayan. Kumakatawan ito sa lahat ng kasapi ng bayan—nagiging makabuluhan lamang ang kanilang kasaysayan, hangarin at pandamdamin kung titignan nang nakakuwadro sa pananaw ng kabayanan.”

“Isang paghahanda sa madugong pagsulong ng bayan, kung gayon, ang bantog na panimula—‘Armas at tao ang kinakanta ko.’”

“Totoo. Walang halaga ang nag-iisang tao—isang butil lamang ng buhangin sa pampang— noon at ngayon. Nguni’t isang lakas na puwedeng dumakma sa mga bituin ang katipunan ng mga tao... Ano ba ang balangkas na ginagamit mo?”

“Makabago, gaya nang ginamit mo sa *Sinag ng Araw sa Nabasag na Bato*.” Saglit na namula ang kanyang pisngi. “Ang totoo’y sinunod ko ang ginawa mo. Ganyang kalaki ang paghanga ko sa iyo. Ipagpaumanhin mo.”

“Natutuwa ako’t may napulot ka sa aking sinulat. Subali’t ang porma ay porma lamang.”

Tinusok niya ng tinindor ang isang piraso ng karne, dinampian iyon ng salsa sa pamamagitan ng kutsilyo, at isinubo.

“Naniniwala akong kapag tama ang porma,” sabi niya maya-maya, “lutas na ang kalahati ng iyong problema. At unti-unti nang magkakaanyo ang kuwento o alamat.”

“Sumaiyo nawa ang lahat ng kapalarahan,” biro ko, “na hindi dumaring sa akin kung ako’y sumusulat. Palaging isang pakikitunggali ang naranasan ko. Nakatutulong ba sa iyo ang iyong pagiging isang tagapagsalin?”

“Paminsan-minsan. Kapag sinisikap kong ilagay ang aking sarili sa kalooban ng aking tauhan, isinasalin ko ang kanyang isip at damdamin sa wikang malapit sa akin. Kung Pranses ang wika ng tulang ginagawa ko, halimbawa, at isang lalaki doon ay Aleman, isasalin ko sa Pranses ang kanyang katauhan upang maging makatotohanan siya sa akin. Malaking pagkukunwari ang kasangkot diyan.”

“Hindi ba nakagagambala ang namamagitang wika?”

“Hindi naman. Gaya nang sinabi ko, bihasa ako sa anim na lenggu-wahe.”

“Pero iyan ay anim na katauhang nagsisiksikan sa iisang kaluluwa.”

“Gayon na nga,” tawa niya, “kaya’t kulang na lang ang ako’y ma-hibang. At sinasabi nilang isang pagkakanulo ang pagsasalin!”

“Ang totoo, nasa panig ng wika ang kataksilan. Sunud-sunuran lang ang tagasalin. Tapos na ang limampung porsyento ng kanyang gawain hindi pa man siya nagsisimula, dahil nasa harap niya ang isang akda na naisulat na. Kailangan na lang niyang bigyang buhay iyon sa isang naiibang wika.”

“At kailangan mo diyan ang maraming pawis at dugo.” Dinampian niya ng panyo ang kanyang kumukintab na noo na tila upang patunayan

ang kanyang sinambit.

Sabi ko, “Alam ko. Kahapon, bilang paglilibang, isinalin ko sa Tagalog ang bantog na tula ni Verlaine—“

“Ang tungkol sa biyulin? Memoryado ko iyan.”

“Oo. Buhat sa Ingles. Hindi ako marunong ng Pranses. Bihasa ka diyan kaya’t masasabi mo kung malapit sa orihinal ang aking salin.” Dinukot ko sa balsa ng aking kamisadentro ang isang putol ng papel. Malakas kong binasa ang unang sagnong—

Kung ang biyulin
ng hanging taglagas
ay mabuntong-hininga,
ang puso ko’y napupunit
ng kanilang malungkot
na paulit-ulit.

“Siempre, di mo makukuha ang dating indayog at rima ng orihinal,” sabi ni Gianni, “pero tama rin ang kinalabasan. Gawin mong ‘mga biyulin’ para umangkop sa ‘kanila.’”

“Oo, may katwiran ka.” At binigkas ko ang ikalawang sagnong—

At kung tumunog
ang oras sa kampana,
ako’y mananangis
sa pagkakatanda
sa lahat nang nawala
kong mga naglahong panahon.

Nag-isip nang matagal ang aking kaharap. “Bakit di mo tanggalin ang ‘mga’ para hindi maligoy ang linya?”

“Sige. Hindi ako nasisiyahan sa ‘panahon’ subali’t wala akong mahagilap na ibang salita.”

“Tama na iyan. Hindi naman magkatugma ang lahat ng huling kataga sa unang sagnong, hindi ba?”

“Oo, at ganoon din dito sa huling sagnong ng tula. Tama ka.”

“Paano ang takbo ng huling sagnong?”

Binasa ko iyon—

At ako’y humahayo
sa hangin na umiihip
at dinadala ako
dito at doon
na tila tuyong at itim
na dahon buhat sa puno.

“Magaralgal ang tugma,” sabi ni Gianni, “kulang sa lambing o dilag ng tunog. Teka. Bakit hindi mo gawing ‘at nagdala sa akin’ ang ikatlong linya?”

“Puwede. At upang tumugma sa huling berso, gagawin kong ‘doon at dito’ ang ikaapat na berso. Bagay, hindi ba?”

“Bagay,” sagot niya. “Ngayon, basahin mong muli ang tula.”

Binasa ko ang buong tula na kalakip ng aming mga pagwawasto. Tumango-tango si Gianni.

“Maaari na,” sabi niya, “pero alam mo na mapapaganda pa iyan. Iyan ang hirap— isa lamang marupok na tulay sa pagitan ng may-akda at mambabasa ang tagasalin. Palaging tinatanong ang kanyang kahulugan, nguni’t hindi binibigyan ng tamang tingin ang kanyang kakayahan. Kung maganda ang kanyang salin, dahil iyon sa kagandahan ng orihinal. Kung pangit ang kanyang salin, dahil iyon sa kakulangan ng kanyang kaalaman. Talo siya kahit ano ang kanyang gawin.”

Mahirap mahuli ang hustong kagandahan ng isinasalin, totoo. May angkin at pambihirang lasa ito na hindi maipipinta sa ibang dila,” sabi ko.

“Nakabibighani ang tulang iyan ni Verlaine kung titikman mo sa wikang Pranses, maniniwala ka sa akin. Lalo na kung nandoon ka sa kanyang bayan... Kung magagawi ka sa Roma, puntahan mo ako at igagala kita sa kanyang daigdig. Malapit ang ng Paris—isang sakay lang ng tren.”

“Malayo sa isip ko ang gumawi roon...”

Inilabas niya ang kanyang pitaka, dumukot ng isang tarheta, sinulatan ang likod na bahgi nito at iniabot sa akin. “Uuwi na ako sa isang linggo. Heto ang aking tinitirhan sa Italya, kung sakali man. Ituturing kong isang karangalan ang maging panauhin ka.”

Agad kong kinalimutan ang paanyaya niya dahil pakiramdam ko hatid lang iyon ng kanyang pagsunod sa alituntunin ng kagandahang asal. Malayo sa isip ko na patutunayan ng mga susunod na pangyayari ang aking kamalian sa bagay na iyon. Habang tinatapos ang aming kape, inilarawan niya ang gawain ng isang tagasalin sa isang pandaigdigang kapulungan. Nakatatawa ang mga halimbawang ibinigay niya tungkol sa mga kahirapan at pagkakamali ng mga baguhang tagapagsalin.

SINALUBONG AGAD AKO ni Dory pagbalik ko sa opisina.

“May bisita ka,” sabi niya.

Pumasok ako sa aking tanggapan at nandoon, nakaupo sa harap ng aking mesa, si Clara. Hindi pa rin nababawasan ang kanyang anging kagandahan kahit na maraming taon na ang nadaragdag sa kanyang gulang; lalong tumingkad iyon sa aking palagay. Mahabang buhok, mukhang kabigha-bighani, maputing kutis, katamtamang taas— nababatubalani kaming mga kaibigan niya sa kanyang mga katangian. Kaya’t maraming puso rin ang nabasag nang kanyang pakasalan si Ricardo Santillan noong 1967, kabilang na ang akin. Subali’t nanatili ang aming pagkakaibigan kahit na bihira kaming magkita.

“Clara! Malaking sorpresa ito,” bungad ko. Tumayo siya at kinamayan ako.

“Dinaramdam kong gambalain ka,” sabi niya. “May pulong akong dinaluhan diyang sa kabilang gusali at naisip kong dalawin ka. Kamusta?”

“Mabuti. Ikaw—hindi ka nagbago.”

“Nagbabago ang lahat, Morrie. Hindi na Ortiz ang apelyido ko, halimbawa, at may isa na akong anak.”

“Kay bilis ng panahon! Huli kitang nasilayan anim na taon na ang nalilipas, lumalakad kang tila isang anghel patungo sa altar ng Manila Cathedral... Minsan-minsan nagkakabunguan kami ni Gerry sa mga pagtitipon ng mga negosyante. Kamusta ang iyong ina, at si Amado?”

“Abala pa rin si Mama sa pamamahala ng aming opisina, at si Amado ang may hawak ng aming mga negosyo.”

“Kilalang-kilala si Amado sa larangan ng kalakalan. Marami akong naririnig tungkol sa katalasan ng kanyang utak. At sa kahusayan ng kanyang panulat. Gustung-gusto ko ang kanyang mga bagong aklat ng mga tula.”

“Salamat naman. Sasabihin ko sa kanya. Bihira na siyang makasulat. Kailangang iukol niya ang lahat ng kanyang panahon sa negosyo. Nahaha-bag ako sa kanya kung minsan. Pero hindi mo mapagsisilbihan ang dalawang amo.”

“Iyan din ang aking idinaraing. Isang mabigat na bagay ang pumli sa pagitan ng panulat at pananalapi! Sa aking kaso, dahil hindi naman maselan ang aking posisyon, nakahahanap ako ng puwang para sa aking guniguni. At nakapaglibang pa ako paminsan-minsan.” Napansin ba niya ang pahiwatig ng dalamhati sa pagitan ng aking mga salita?

“Naikuwento sa akin ni Mama ang naitulong mo sa pamilya Barantes—”

“Maliit na bagay lang iyon,” wika ko.

“—at iminungkahi niyang kausapin kita.”

“Alam kong hindi ka nagpunta rito upang magtanong lamang tungkol sa aking kalusugan. Bakit, may problema ka ba?”

“Hindi ako— ang isa kong kakilala. Nawawala ang isa niyang empleyada.”

“Naipagbigay-alam na ba iyan sa pulisya? Sila ang may kakayahan—”

“Makabubuting huwag muna silang isangkot. Baka maraming kapa-hamakan ang mangyari kapag nabunyag ito nang wala sa oras... Kung magagawa mo para sa akin ang ginawa mo para sa mga Barantes...”

Isang bagitong detektib ako—iyan ang paglibang na nabanggit ko kanina. Nang biglang naglaho ang bunsong anak ni Senador Francisco Barantes noong nakaraang taon, inupahan nila ako upang magsiyasat. Pagkatapos ng anim na linggo, natuntuon ko sa Montalban ang pinagkukutaan ng mga dumukot sa pitong taong batang babae, at nilupig sila sa tulong ng ilang ahente ng gobyerno.

“Alam mong hindi kita matatanggihan, Clara.” Malaki ang utang na loob ko sa kanyang yumaong ama, si Carlos Ortiz, na nagbigay sa akin ng una kong trabaho sa kanyang kompanya.

“Salamat. Ibibigay ko anuman ang singil mo.”

“Wala tayong pag-uusapang singil—”

“Hindi, Morrie, hindi ko tatanggapin ang tulong mo kung walang bayad. Pagsasamantala na iyon.”

Alam kong walang bisa ang makipagtalo sa kanya sa puntong iyon. “Bueno, pero saka na natin bigyang-pansin ang bayad. Gusto kong malaman ang tunay na nangyari.”

Ayon kay Clara, 1970 nang tanggapin si Flora Sanchez bilang kalihim ng Child Care Foundation, may opisina sa Escolta. Isang direktor doon si Clara. Masinop at masipag si Flora, at hindi nagtagal pinagkatiwalaan siya ng kanyang pinuno na si Angela, anak ni Don Agustin Zorilla, tagapayo sa Pangulo ng bansa. Kung wala si Angela, at madalas na wala siya, si Flora ang nagpapatakbo ng opisina— nagtatagubilin sa mga kawani, pumipirma sa tseke, humaharap sa bisita. Hindi mapipintasan ang kanyang mga gawi at pamamalakad kaya’t napalapit siya sa puso ni Angela.

“Noong isang buwan,” patuloy ni Clara, “bigla siyang nawala. Sinabi sa akin ni Angela na nagulo ang tanggapan sa hindi niya pagsipot. Hindi malaman ng mga kawani ang kanilang gagagawin. Tinawagan nila ang bahay ni Flora nguni’t wala siya roon. Hindi alam ng kanyang pamilya at mga kaibigan ang kanyang kinaroroonan. Nawala siya nang hindi nag-iiwan ng bakas. Nakapagtataka.”

“May— may tinangay ba siyang salapi? Karaniwa’y isa iyang dahilan,” sabi ko.

“Wala. Maliit lang ang pondo ng Foundation. Nasa ayos ang lahat ng papeles ng bangko. Wala siyang ginalaw.”

“Pambihira. Isang ulirang kawani na biglang naglaho. Bakit? Ilang taon na siya?”

“Dalawampu’t walo, sa pagkakaalam ko. Si Angela ang lubusang nakakikilala sa kanya... Nababahala ako. Baka napahamak siya—”

“Kung gayon dapat nakarinig na sana tayo buhat sa pulisya o nakatunghay ng balita sa mga pahayagan. Hindi.”

“—o nasa panganib.”

“Maaari.”

“Hindi mapakali si Angela. Naguguluhan ang isip. Gusto ko siyang tulungan kaya’t dumulog ako sa iyo.”

Hindi ko masabi sa kanya na batid ko rin ang pighating dulot ng pangamba at alinglangan dala ng pagkawala ng isang taong malapit sa aking buhay. Ilang taon na... Si Elena Rimante. Iniwasan ko ang mga galamay ng gunitang iyon.

“Wala bang nakuhang sulat o anuman na magpapahiwatig ng kanyang pinatunguhan?»

Umiling si Clara. Nakakunot ang kanyang noo. Sinulyapan ang kanyang relo.

“Alam kong marami ka pang aasikasuhin,” sabi ko agad. “Gagawin ko ang aking makakaya.”

Tumayo siya, dinampot ang kanyang hanbag at may kinuha roon.

“Heto ang aking numero. Anuman ang aking maitutulong, Huwag kang mag-aatubili...”

Pinasalamatan ko siya at inihatid palabas ng pintuan. Pagkatapos, isinaayos ko ang laman ng aking isipan upang matanto ang aking susunod na hakbang, subali’t hinamak muli ng gunita ang aking damdamin. Nasalat ng aking puso ang larawang madalas umahon buhat sa libingan ng limot: isang marilag na dalaga, tumatawid ng lansangan upang pumasok sa isang gusali, ang tila natapilok, nakabawi ng kanyang panimbang, at paika-ikang nagpatuloy lumakad. Nang malapit na sa pintuan ng isang panaderya, bigla siyang bumagsak sa ibabaw ng kariton ng tindera ng bulaklak. Sumalpok ang kanyang likod sa mga rosas at biyoleta na nagbigay kulay sa kanyang maputlang mukha. Tumakbo ako upang tulungan siya nguni’t pagdating ko doon, tanging ang mga bulaklak ang aking naabutan. Nasaan si Elena Rimante? Umiling-iling ako sa nasang huwag mapilitang lumikha ng kasingutan. Hinihinala kong hindi ko magugustuhan iyon. Sa halip, pinilit kong pansinin ang kapalit na tanong—Nasaan si Flora Sanchez?

Tatlo

Kinabukasan, maaga akong nagmaneho buhat sa aking tirahan sa Palomar Village. Sa mga matalas ang ilong, palagiang nangangamoy sala-pi ang isang parte ng distritong ito ng Quezon City, gayong masidhi ang paghahangad ng mga residente na itago ang kanilang kaginhawaan. Nag-

aangkin ng mga bahay sa kalyeng tinatahak ko ang isang alkalde, isang hepe ng pulisya, tatlong hukom ng Korte Suprema, dalawang aktres, at ang pinuno ng adwana. Malalaki ang punongkahoy na nagkukubli sa kanila. Sumapit sa aking pandinig ang huni ng ilang ibon buhat sa mga sangang nakayuko sa mga bakal na bakod. Ipinagdiriwang nila ang nakalulugod na araw ng Abril sa hindi ko malamang dahilan.

Nagmabilis ako pagkaliko sa España. Maraming tao ang naghihintay sa mga hintuan ng sasakyan—mga estudyanteng nakauniporme, mga ba-baeng bitbit ang bayong at basket, mga lalaking may kipit-kipit na pahayagan at naninigarilyo. Matagal silang maghihintay. Maiinis sila. Magmumura ang ilan. Hindi makalutas sa kahirapang ito kahit na ang batas militar, nasabi ko sa aking sarili. Umaga't hapon ang kalbaryo ng pangkaraniwang mamamayan na umaasa sa dyip at bus para makagalaw sa mga bituka ng lungsod. Kulang ang sasakyan, kulang ang kalsada. Alam kong ilang mahusay na panukala ang naipahatid na sa Pangulo, subali't pinipigilang makarating sa kanyang mesa ng ilan sa kanyang mga pinagkakatiwalaan. Mahika negra. Mahika blangka. Iyan ang lamat ng kanyang kapangyarihan. Sa dinami-rami ng kanyang inaasikaso, nalalansi siya ng mga mahusay magkunwari at manlinlang, sa loob mismo ng kanyang gabinete. Alam ko. Kilala ko sila. Ngunit sino ako upang magdamit mandirigma at tumayo sa kanilang harapan at magwika, "Hinto! Tama na iyan!" Isang palito ng posporo, palutang-lutang sa baha; isang sinanay upang ipagtanggol ang malalakas at may pangalan; isang sonetong lumpo ang huling berso—ha, ha, marami pang maidaragdag na metapora, hindi para wala kaya ako naging makata, pero isang kahulugan lamang ang makakamit ng lahat. Isinulong sa isang panaginip ang pag-asa at nais ng sambayanan, tinawag itong "pagbabago," at sapilitang nanatili sa poder ang isang tinatawag na henyo. Para sa kabutihan ng lahat. Kaya't isang uri ng paggalaw ang buhay ko ngayon na tila namamalikmata. Nababalot sa ulap ng walang-katiyakan. Bago sumapit sa Simbahan ng Quiapo, lumiko ako sa Evengelista, tumawid ng Rizal Avenue, at dumiretso sa Escolta. Subali't hindi ako nagrereklamo. Inilagay ko ang aking pagtitiwala sa henyo. Kailangan niya ng sapat na panahon para matupad ang mga layunin ng gobyerno.

Huminto ako sa tapat ng Lomax Building. Sa ikaapat na palapag ang opisina ni Angela Zorilla. Tinawag ko ang pansin ng isang babae na abalang nagmamakinilya sa harap ng isang nakapinid na pinto. Ibinigay ko sa kanya ang aking pangalan at sinabi ang aking sadya. Diniinan niya ang isang

buton sa kanyang mesa. Hindi nagtagal bumukas ang nakasarang pinto at lumabas ang isang kaakit-akit na babae.

“Mr. Pardo? Ako si Angela,” sabi niya. “Dito tayo mag-usap.”

Kinamayan ko siya. Nagtuloy kami sa kanyang silid-tanggapan.

“Ipinabatid sa akin ni Clara ang iyong pagsang-ayon na kami ay tulungan,” patuloy niya nang nakaupo na kami. “Nagpapasalamat ako sa iyo. Lubhang maselan ang bagay na ito upang ipaubaya sa pulisya.”

“Pero sila ang may sapat na kaalaman at kagamitan sa paghahanap nang nawawalang tao. Ako’y isa lang—”

“Alam ko. Kung gusto ko, makukuha ko ang tulong ng alin mang sangay ng gobyerno. Ang totoo’y iyon na nga ang lumalabas. Taga-gobyerno ka—tinignan ko ang rekord mo—at apat na taon nang naglilingkod sa iyong puwesto. Gamitin mo ang iyong mga koneksiyon subali’t ayaw kong lumabas kailan man ang kaugnayan ko sa bagay na ito. Malinaw ba?”

“Kung iyan ang gusto mo. Mayroon ka bang pinangangambahang maaaring mangyari?”

“Marami, at trabaho mong pigilin ang mga iyon upang hindi magkatotoo.”

Hindi ko alam ang ibig niyang sabihin, pero hindi na ako humingi ng paliwanag. Siya ang makapangyarihang anak ng isang makapangyarihang ama na matalik na kaibigan at tagapayo ng Pangulo. Napakalinaw ng pagkakawit, at kumikintab na tila gintong medalya ang babala— “Lumakad nang marahan.”

“Nitong mga huling araw bago siya nawala,” sabi ko, “may napansin ka bang kahina-hinala sa kilos ni Flora Sanchez?”

Saglit siyang nag-isip. “Wala. Ganoon pa rin siya—masayahin, masipag, at magalang sa lahat.”

“May mga kaibigang lalaki ba siya?”

“May bubuyog ba sa pulut-pukyutan? Ah, mapanggayuma ang kanyang alindog kahit na hindi pambihira ang kanyang kagandahan.” Kinuha niya ang isang polder sa kahon ng kanyang mesa at ibinigay sa akin. “Nandiyan lahat ang alam namin tungkol sa kanya. Kopya mo iyan.”

Pinasalamatan ko siya. Nakaklip ang isang litratong may kulay sa unang pahina: Mukha ng isang babaeng itim ang buhok, maputi ang balat, matangos ang ilong, at sumisilip sa pagitan ng kanyang manipis na labi ang

mala-garing na ngipin.

“Ano’ng hinala mo sa nangyari sa kanya?” tanong ko.

“Kung hinala ang pag-uusapan, Mr. Pardo, marami. Nandiyan pa rin ang mga mandurukot, halimbawa, na nagtitinda ng mga babae sa Saudi Arabia at Japan. O sapilitang humihingi ng kapalit na bayad. O baka naman nagtanan siya... Marami, pero ano ang saysay kung haka-haka lamang? Kumuha ka ng mga katibayan at tignan natin ang ating magagawa. Ano man ang kailangan mo—”

“Sinabi na sa akin ni Clara.”

“Mabuti. Kay Clara ka tuwirang mag-uulat. At inuulit ko, salamat sa iyong tulong.”

Tumayo siya bilang pagtatapos sa aming usapan.

MAGANDA NGUNI’T MAPANGANIB, nasambit ko sa aking sarili habang ibinababa ng elevator ang aking katawan sa unang palapag. Lumakad ako patungo sa aking kotse. Dalawa ang loob ko kay Angela Zorilla. Sa bikas at galaw, kabilang siya sa makalumang katipunan ng kadalagahan; sa pananalita at pag-iisip, kaya niyang ilihim, gaya ng isang belyaka-ko, ang karubduban ng kanyang adhikain. Dumadaloy ang mainit na dugo ng katatagan at katapangan sa ilalim ng kanyang mahinahong kalooban.

Pagdating sa aking opisina, tinawagan ko ang isang kaibigan sa NBI. Naging kaklase ko si Reynaldo Boganla sa Santo Tomas. Mahilig na siya noon pa man sa buhay militar. Natatandaan kong siya ang pinakabatang naging komander ng aming ROTC. Higit sa lahat, mahusay siyang humawak ng anumang armas. Dahil diyan tinagurian naming siyang “boga.” Nag-aral siya ng pagkapulis pagkatapos ng kolehiyo, natalaga sa METROCOM, at inilipat sa NBI pagkatapos niyang makapasa ng eksamen sa pagkakatador. Kagaya ko, binata pa rin siya.

“Oy, mukhang inaantok ka pa, Rey,” biro ko nang sagutin niya ang aking tawag. “Baka naman sobra ang kayod mo at hindi ka na nag-aaliw.”

“Iyan nga ang problema, e. Nag-aaliw ako kagabi at katiting ko nang malimutan ang curfew. Nawala ko iyong pases. Photo finish ang dating ko sa bahay. O, ano ang sa atin?”

“Tingnan mo nga kung matutunton ninyo ang isang nangangalang Flora Sanchez.”

“Kailan nawala? Huwag mong sabihin isa na naman iyang katulong na tumangay ng alahas ng kanyang señora.”

“Marso ng taong ito. Hindi. Kawani ng isa kong kakilala.” Ibinigay ko sa kanya ang isang paglalarawan ng babae hango sa nabasa ko sa polder. “Interesado ako sa impormasyong magtuturo sa kanyang kinaroroonan.”

“Sige. Titignan ko ang aking magagawa. Tatawagan kita pagkatapos ng isang oras.”

Hinarap ko ang papeles sa aking mesa. Ipinaalaala sa akin ni Dory ang ilang kompromiso na dapat kong tupdin pagkapananghalian. Nguni’t hindi ako mapakali. Nagsindi ako ng isang sigarilyo. Tinangka kong banaagin sa usok na umakyat sa kisame ang mga titik ng kinabukasan, pero hindi ako napahiwatigan ng kanilang kalatas gayong namuo at natunaw na ang mga hugis na pilak. Tinunghayan kong muli ang polder ni Flora. Sa aking ikalawang pagsusuri dito, tumunog ang telepono.

“Dinaramdam ko, Morrie,” sabi ni Reynaldo Boganla, “wala kaming nahalungkat tungkol kay Flora Sanchez. Walang balita o sumbong sa kanya na magbibigay sa amin ng sapat na dahilan para sa mabungang pagsisiyasat. Kung gusto mo, ipapasa ko sa METROCOM upang lumawig ang—”

“Huwag na. Sapat na ang ginawa ninyo. Sabihin mo sa akin—tinignan ba ninyo ang listahan ng mga lumabas ng bansa sa lumipas na dalawang buwan—sa paliparan at karagatan?”

“Oo. Wala ang pangalan niya. Nguni’t patuloy naming mamatyagan ang listahan.”

“Mabuti. Dinaramdam ko, Rey, kung sinasayang ko lang ang iyong panahon—”

“Ano’ng panahon sa magkaibigan?”

“—pero mahalaga ang bagay na ito. Ipaliliwanag ko sa iyo balang araw.”

Binalikan ko ng pansin ang natitirang gawain sa aking mesa. Bago lumipas ang ika-labing-isa ng umaga nagpunta ako sa Alfredo’s Steakhouse upang kausapin si Tommy Leung, tagapamahala ng Philippine Chinese Chamber of Commerce. Pagkatapos mananghalian, pinag-aralan namin ang mga detalye ng isang palatuntunan na itatanghal ng kanyang kapisanan para sa karangalan ng pinuno ng aking opisina. Nagkasundo kami sa araw at oras ng pagtatanghal. Bago namin maubos ang aming kape, humingi ako

ng paumanhin sa aking kasama at iniwan ko siya sandali upang gamitin ang telepono ng restoran. Tumango-tango si Tommy nang akin siyang balikan. “Okay na ‘to,” sabi niya, at nagkamay kami bilang pagbibigay-bisa sa aming pinag-usapan. Pagkalipas ng ilang sandali, nagmamaneho na ako patungo sa Diliman.

MATANGKAD AT PATPATIN SI GERARDO ABELLA, na nasa kandaang gulang na, propesor ng panitikan sa Pamantasan ng Pilipinas. Makapal ang salamin sa mata na nakatalungko sa kanyang ilong at tila palaging nakaukit ang isang ngiti sa kanyang mukha. Namamayani sa kanyang silid sa faculty center ang kawalang-ayos. Namumugad sa ibabaw ng mga muwebles, nakikipagsiksikan sa plastik na baso at pinggan, lapis na walang tasa, sinsero, at payong ang kanyang mga aklat, magasin, at manuskrito.

Dinampot niya ang isang lumang pahayagan buhat sa isang silya at inanyayahan akong maupo doon. Naupo siya sa katapat na silya.

“Katatapos lang ng aking klase kaya’t mayroon tayong kalahating oras bago ako dumalo sa isang pulong,” sabi niya. “Ay, iyan ang buhay ng isang guro, Mr. Pardo, nahahati sa pagitan ng mga mapupusok na estudyante at matatayang na dekan. Ikaw ba’y dito nagtapos?”

“Hindi ho. Salamat sa inyong pagpapaunlak sa aking kahilingan.”

“Ah, ang bagay na iyan... Ewan ko kung paano ako makatutulong sa ‘yo. Pagkatawag mo kanina, hinalungkat ko ang aking talaksan”— at pailing-iling na sinulyapan niya ang kaguluhan sa kanyang paligid— “nguni’t kaunti lang ang tala ko sa kanya.”

“Sa ngayon ho’y nangangapa ako sa dilim. Naging estudyante ninyo ba si Flora Sanchez?”

“Hindi.”

“Pero ibinigay niya ang inyong pangalan bilang sanggunian nang siya’y magprisinta sa Child Care Foundation.”

“Alam ko. Ang totoo’y naging katulong na mananaliksik ko siya sa aking proyekto— noong nag-aaral pa siya rito. Dalawang semestre lang iyon.”

“Mahusay ho ba ang pagtupad niya sa kanyang gawain?”

“Wala akong mairereklamo. Kahit na political science ang kanyang kurso, sapat ang kanyang kaalaman sa literatura. Nagulat nga ako ng maba-

tid kong sumusulat siya ng tula. May mga akda siyang lumabas sa *Diliman Review*.”

“May patutunguhan ho ba siya sa larangang iyan?”

“Sa palagay ko’y kulang pa sa timpla ng init at isip. At sa talas ng taludturan. Kaya marahil gumamit siya ng sagisag-panulat. Corazon Fuentes. Hindi ko alam kung nakamit niya sa katagalan ang kalakasan ng puso, ha,ha. Isang pagsisiyasat sa bisa ng wikang pampulitika sa paghubog ng damdamin ng ilang tauhan sa nobelang Tagalog ang proyektong natukoy ko. Kabagot-bagot na paksa iyan sa mga hindi akademiko pero dugo ng aming buhay dito, ha, ha!”

Upang mapigil siya sa anumang pagpapaliwanag tungkol sa masalimuot at hindi kaaya-ayang sangkap ng dilang pampulitika, ibinalik ko ang paksa sa aking pakay.

“Gaano ninyo kakilala si Flora Sanchez?”

“Bahagya lamang,” sabi niya. “Marilag siya, masikap, at mabait maki-tungo sa iba. Pero malihim, at kung maaari ayaw niyang malapit nang lubusan kanino man. Alam mo’ng ibig kong sabihin?”

Tumango ako. “Gayon pa man, sa tingin niyo ba’y mayroon siyang naging kaibigan dito?”

“Mayroon siyang kasama-sama. Isang Pinoy at isang banyaga. Aking tagasalin iyong una, teka, ano nga ba ang kanyang pangalan? Ah, Darwin, tama, Darwin Yerba—subali’t matagal nang natapos ang kontrata niya dito. Nagbalik na siya sa kanyang pinanggalingang opisina. Balita ko’y nasa foreign service na siya ngayon.”

“At iyong ikalawa?”

“Ikalawa? Ah, oo, iyong Amerikano. Si Dick. Richard Corbet, isang guro buhat sa Maryland na gumagawa ng pananaliksik dito. Linguistics ang linya niya, at may sinusulat siyang aklat tungkol sa mga pariralang panlipunan ng mga Mangyan. Kung hindi ako nagkakamali, nais niyang patunayan na—”

“Nasaan na ho siya ngayon?”

“Ewan ko. Marahil wala na siya sa Pilipinas. Kung ako ang tatanungin mo— at kinindatan niya ako—“lahat tayo’y dapat umalis ng Pilipinas. Hindi ako makagalaw dito, alam mo ang ibig kong sabihin, para akong sinasakal. Kahit ano ang sulatin ko, sinesensor. Hindi ako puwe-

deng magbiro tungkol sa Pangulo o sa kanyang mga adhikain. Alam mo ba, kahapon, isa namin katulong na propesor ang dinampot. Alam mo kung bakit? Sinabi lang niya na ‘sa ikauunlad ng bayan, bisikleta ang kailangan.’ Ganyan na ba ang gobyerno natin ngayon—isang samahan ng mga pikon?” At sa unang pagkakataon, natunaw ang ngiti sa kanyang mukha.

“Lubos na delikado ang ating kalagayan ngayon upang gawing paksa ng pagbibiro,” tugon ko.

“Walang kalagayang napakadelikado upang bigyang katwiran ang paglabag sa karapatan ng mamamayan. Kahit batas militar ang namamayani ngayon, hindi nangangahulugang sasaludo ako palagi sa kanila, lalo na’t kung sila ang tunay na mangungulimbat.”

Hindi ko na tinugis ang kabigatan ng kanyang paratang. “Balita ko po’y maraming guro buhat dito ang ipinatawag sa Campo Crame upang tanungin.”

“Iyan na nga ang sinasabi ko. Kami ang unang pinaghihinalaan. Pugad daw ito ng mga komunista at radikal. Maaari, pero marami rin sa ibang pamantasan.”

“Si Flora ho ba ay may pagka-radikal?”

“Kakatwang naitanong mo. Nagkaroon ako ng hinala pero sa hinala lang iyon nagwakas. Oo, ilang beses ko siyang nakitang kausap ang mga pinuno ng grupong makapula rito, nguni’t hindi katibayan iyan upang sabihing makapula rin siya. Baka dala lamang iyon ng kanyang angking pagka-mausisa. Ano ba ang nagawa niya? Baka nagdadaldal gaya ng ginagawa ko at dinampot na. Sa gobyerno ka sabi mo.”

“Wala kaming katibayan na may kasalanan siya. Sabi nga ninyo, mabait siya. At sa gobyerno nga ako nguni’t isa lang maliit na empleyado doon.”

“Wika mo iyan, pero idadagdag mo sa aking talaan ang sinabi ko ngayon. Isang gabi, magigising na lang ako na may nakatutuok na armalite sa aking ilong.”

Natawa ako. “Napakaromantiko naman ang palagay ninyo sa amin. May pagtitimpi rin naman ang batas militar. At kung nababahala kayo sa inyong mga binitiwang pananalita, huwag kayong mag-alaala. Sa pagitan lamang nating dalawa ang ating pinag-uusapan.”

“Salamat kung gayon. Paniniwalaan ko ang salita mo. Matanda na ako at mahina ang aking puso. Hindi ko matitiis ang buhay sa kulungan, lalo na’t kung hindi makatarungan ang dahilan. Ang padaskul-daskol na paninikil sa mga tao ang isang masamang bagay sa batas militar. Ang pagpipiit sa mga pulitikong kalaban ng Malakañang, halimbawa. Ngayon, malaking kasamaan ang mapabilang sa oposisyon! At maraming alituntunin ang hindi makatwiran. Iyang pag-eespiya sa mga paaralan, isa iyan. Alam mo na nagtalaga sila ng mga tiktik-militar sa bawa’t kolehiyo at pamantasan dito sa Kamaynilaan. Kunwari’y mga taga-alaga sila ng katiwasayan sa loob ng kampus, pero ang totoo ay minamanmanan nila ang kilos at salita ng mga kritiko ng pamahalaan. Lumilikha sila ng isang bansa ng mga pipi.”

Kinapa niya ang kaha ng sigarilyo sa bulsa ng kanyang T-shirt. Dumukot siya ng isang Camel at sinindihan iyon sa ibabaw ng apoy ng posporo.

“Mali si Marx,” sabi niya pagkatapos ng dalawang hithit. “Tabako ang opyo ng mga masa. Magastos ang relihiyon—kailangan kang magdamit nang magara sa simbahan... Tabako at panitikan, Mr. Pardo, ang nagbibigay ng konting sigla sa buhay ko sa ating madilim at mapanglaw na panahon.” At nagbuga siya ng makapal na usok sa mga baso at lapis upang bigyang-diin ang kanyang mga salita.

“Pero dapat ninyong aminin na may nagagawang kabutihan ang batas militar,” hamon ko sa kanya. “Tumahimik ang bayan, halimbawa, at nabawasan ang krimen.”

“Bah, pansamantalang katahimikan. Laging kakapit sa patalim ang mga gutom kung hindi sila bibigyan ng trabaho, at susulpot muli ang mga walang kaluluwang kriminal pagkaraan ng maikling panahon, maniniwala ka. Sabi nga ni Steiner—”

“Puwede ho bang ibigay ninyo sa akin ang tirahan ni Richard Corbet?”

BUMALIK AKO SA OPISINA pagkatapos kong tiyakin muli kay Propesor Abella na hindi makaaabot sa militar ang kanyang mga pagpuna sa pamahalaan. Naaawa ako sa kanya. Hindi kailanman masisiyahan ang kanyang uri sa palakad ng sinumang pangulo. Lubos siyang nakabaon sa kumunoy ng pagpapasantaha upang mapansin ang pagbabago sa kanyang lipunan. Para sa kanya, at sa karamihan ng kanyang mga kasamahan sa pamantasan,

mali ang Malakañang ano mang gawin nito. Ang paggiba sa pamahalaan ang tanging kalutasan. Gayon pa man, nakatulong sa akin ang kanyang paglalarawan kay Flora, na sumasalungat doon sa ibinigay sa akin ni Clara at Angela Zorilla. Bagaman nagkakaisa silang tatlo sa pagpapalagay na maganda, masipag, at mabait si Flora, magkakaiba ang kanilang pakiwari sa kanyang pakikitungo sa kapwa. Madaling makipagkaibigan, maraming kaibigan—ayon kay Angela; malihim, hindi malapit sa iba, walang kaibigan—ayon kay Prop. Abella. Magkasalungat o nagbago lang si Flora sa paglipas ng panahon?

Nagdapit-hapon na ay nasa harap pa ako ng aking mesa. Hindi dahil sa marami pa akong gagawin kundi isinaayos ko ang aking mga pag-iisip at galaw ukol kay Flora Sanchez. Hindi ko itatanggi na natutuon ang malaking bahagi ng aking panahon sa babaeng hindi ko pa nasisilayan kahit na walang pagsulong ang aking paghahanap sa kanya. Pinalulubha ang aking pagkabigo nang pasulpot-sulpot na larawan sa sulok ng aking gunita, ng kamay ng isang mahiwagang nilalang na nagsasabog ng mga talulot ng rosas sa mukha ng isang magandang babae hanggang matakpan iyon ng walang-katapusang dugo. At sisigaw ako subali't walang ingay na lalabas mula sa aking bibig. Elena! Elena! Hindi ko na matandaan kung kailan ko siya huling nakita. Ni ang kanyang damit o ayos nang huli kaming nagkita. Nahiwa nang malalim ang aking puso nang lumisan siya, kung lumisan nga siya. Mahirap isalin sa kasalukuyang pananalita ng aking damdamin ang aming pinagdaanan, lalo na't kung susuriin sa harap ng kabiglaanan ng aming paghiwalay, kung naghiwalay nga kami. Bakit ayaw mabuksan ang pinto ng gunita sa pagsusumamo ng aking puso? Ako ba ang pumipigil o ang isang puwersa na nagdaramot ng kasiyahan? Sa aking kamalayang nahihimbing, o sa aking kamalayang mulat—wala silang kaibhan—malimit kong matatagpuan ang aking sarili sa harap ng pintong iyon, sabik na mayakap ang babaeng nasa loob ng bahay. Dadaan ko ng palad ang aking buhok, itutuwid ang aking kurbata. Hahatakin kong pabukas ang pinto nguni't hindi ito bibigay sa aking lakas. Wari isang dantaon na ang lilipas nguni't nakapinid pa rin ang pinto. Maririnig ko buhat sa aking likuran ang pananaghoy ng isang nilalang. Lilingon ako at aking mamamasdan ang isang maitim na kawalaan, isang malalim na katahimikan. Nasaan siya? Nasaan ako?

Sinundan ko ang buwan habang gumugulong ito sa kawad ng kur-yente na nagkakabit-kabit sa mga luma at pangit na bahay sa Sampaloc.

Malamlam ang liwanag nito, kaya't mabilis na nilamon nang kumakalat na kadiliman ang natitirang bahid na asul sa langit. Mag-iika-walo na. Kanina, bilang pag-iwas sa paninikil ng gunita, ipinasiya ko pagkalabas ng opisina na sadyain ang tahanan ng pamilya ni Flora sa kalye Lealtad. Huminto ako sa harap ng isang bahay-paupahan na yari sa konkreto, kahoy at yerong palutpot, malapit sa palengke, isinusi ang kotse, at pumasok sa munting bakuran. Ilang halamang nakalagay sa paso ang nakalinya na tila mga tanod sa pasilyo bilang tatlo. Kumatok ako. Nabuksan ang pinto at sumilip ang isang mukha ng isang babaeng may gulang na.

"Mrs. Sanchez?" sabi ko.

"Ano ho ang gusto nila?" Naghihinala ang kanyang tingin at tinig.

"Ako ho si Morel Pardo. Nais ko hong kausapin kayo tungkol kay Flora. Tumutulong ho ako sa paghahanap sa kanya."

Napawi ang kanyang alinlangan. "Gayon ho ba? Tuloy kayo."

Maliit nguni't malinis at kasiya-siya ang loob ng bahay. May hagdang kahoy paakyat sa ikalawang palapag. Luma at marami nang gasgas ang mesang-kainan na nag-uupo ng apat. Gayon din ang mga silya na aming inu-putan sa kapisirang sala. Ang larawan ni Kristo na may nag-aalab na puso ang tanging nakasabit sa dingding. Lanta na ang dalawang pulang rosas na nasa plorera sa ibabaw ng mesita. Maputi na ang buhok ng aking kaharap. Malalim ang mga guhit sa kanyang noo.

"Pasiyensiya na kayo sa aking pagpunta rito nang walang pasabi-sabi, Mrs. Sanchez," wika ko. "Wala kayong telepono kaya't nagbakasakali akong maabutan kayo."

"Walang anumang iyon. Ka-opisina kayo ni Flora?"

"Hindi ho, pero inatasan ako ng kanyang direktor na hanapin siya."

"Ay, iho. Hindi ako makatulong sa pag-iisip sa kanya. Bigla na lang siyang umalis, walang paapaalam."

"Ano ho ang suot niya noong huli ninyo siyang makita?"

"Nakapaldang itim siya, blusang puti. Sapatos na itim, mababa lang ang takong."

"Hindi ba siya nag-iwan ng sulat sa inyo o sa sinuman sa inyong pamilya?"

"Hindi. Iyan ang nakapagtataka. Isa siyang mapagkakatiwalaang anak. Tuwing umaalis siya, upang dumalaw sa aming mga kaanak sa La-

guna o kahit para lang sumaglit diyan sa kapitbahay, ay nagsasabi siya sa amin.”

“Naipagbigay alam ninyo ba ito sa pulisya?”

“Pulisya? Hindi nila makikita ang bundok kahit nasa harap na nila iyon. Isa pa, hindi kami naniniwala sa kanila buhat nang masakuna ang yu-mao kong asawa.”

Nabahiran ng kalungkutan ang kanyang mukha. Hindi ko na inungkat ang nangyari sa kanyang kabiyak—wala akong karapatang patakan ng kalamansi ang kanyang sugat.

“Iniisip ko hong baka mayroon akong mahiwatigan sa kanyang naiwang gamit,” sabi ko. “Maaari ko ho bang makita ang kanyang kuwarto?”

“Hindi!” Malakas na sagot ng isang tinig sa aking likuran. Napatin-dig ako upang mamalas ang isang binatilyo na matipuno ang katawan. Nakasando siya, nakakorto, at may pasa sa kaliwang pisngi.

“Huwag kang tampalasan, Conrado,” sabi ni Mrs. Sanchez. “Siya’y isang panauhin.” Tinignan niya ako. “Ang isa ko pang anak. Dalawa lang sila ni Flora.”

“Hindi ba panauhin ding itinuring natin ang dalawang lalaking nagpunta rito kahapon?” wika ng binatilyo. “At ito ang napala ko!” Hinimas niya ang kanyang pisngi.

“Dinaramdam ko, Conrado,” sabi ko, “nguni’t wala akong masamang hangarin. Gusto ko lang makatulong sa inyo.”

“Iyan din ang sinabi nila,” simangot niya.

“Sino ba sila, kung hindi mo mamasamain ang aking pagtatanong?”

“Rico Singson at Andres Norte ang mga pangalan. Dalawang butangero—”

“Pulis daw sila,” sabi ni Mrs. Sanchez, “pero hindi naka-uniporme. May baril sa baywang. Nagtanong tungkol kay Flora at pilit na hinalughog ang silid niya. Pinagkakalat noong isa ang mga gamit ng aking anak na para bang basura ang mga iyon. Nagalit si Conrado at pinagsabihan siya. Nagkasagutan, sinuntok si Conrado. Mabuti na lang at pinigil siya noong kanyang kasama. Kung hindi, baka lalong napahamak ang aking anak. Masisisi mo ba siya sa kanyang inasal sa iyong kahilingan?”

“Hindi ho, at may karapatan siya sa gayong damadamin. Ako ho’y kaibigan ng kaibigan ni Flora at walang hangarin kundi malutas ang hiwaga

ng kanyang pagkawala. Kung inyong mamarapatin.”

“Samahan mo siya, Conrado,” sabing malumanay ni Mrs. Sanchez sa kanyang anak.

Kung ang katauhan ng isang nilalang ay masisipat sa kalagayan ng kanyang tinutuluyan, maayos at matahimik si Flora. Kapansin-pansin ang kapayakan at kawalan ng palamuti ng kanyang silid. Malinis ito at hindi mapagkunwari. Isang higaan na yari sa narra ang nasa sulok sa tabi ng bintana. Sa ibabaw nito nakalatag ang banig na buri, sa ulunan ang isang unan na may pundang pula. Nakatayo ang isang mataas na aparador sa kanang bahagi ng silid, may salamin sa pinto na nagtapon sa aking paningin ng aninag ng balisang mukha ni Conrado. Kahit humupa na ang kanyang galit, hindi pa rin maaamo ang kanyang pakikitungo sa akin.

Itinuro niya ang mga bagay na nakapatong sa munting mesa na nasa paanan ng kama.

“Iyan ang ipinagkakalat nila. Inayos ko na. Kung may gusto kang itanong sa akin, nandoon ako sa labas.” At iniwan niya ako.

Binuksan ko ang aparador—nakasabit sa loob ang ilang bestida, blusa; nakasalansan ang damit-panloob, damit-pantulog, panyo. Sa katabing tokador ay nakahilera ang mga bote ng pabango at kosmetiko. Binatak kong pabukas ang mga kahon—ilan pang bote, suklay, gunting at isang pamputul ng kuko.

Pinagtuunan ko ng pagsusuri ang mga bagay sa mesa—mga lumang babasahin, ilang aklat kabilang ang *The Origin of the Species*, kumpletong akda ni Shakespeare, *Villa Magdalena* ni Bienvenido N. Santos, isang diksiyunaryong Ingles-Italyano. Dinampot ko ang huli at tinunghayan ang unang pahina. Sa kaliwang sulok nito, sa ibaba, nakasulat ang pangalang “Flora Sanchez” at ang parirala, “Binili 7-8-71.” Bago pa ang aklat. Tinangka kong isipin kung ano ang saysay nito para sa kanya, nguni’t walang dumatal sa akin. Dinaan ko ng tingin ang mga pahayagan. Wala ring naipahatid sa akin. Akmang ibalik ko sa mesa ang isang magasin nang malaglag buhat sa loob nito ang isang piraso ng papel. Lumipad-lipad na parang isang puting paruparo hanggang marahang lumapag sa sahig. Kinuha ko ito at nakita kong nakasulat doon— “Tiyak, sa Roma.” Binigyan ko ng huling pagsisiyasat ang silid. Kipkip ang talatinigan, lumabas na ako at ipininid ang pinto.

Ipinakita ko kay Conrado ang aklat at winika ko, “Hihiramin ko ito.”

“Kay Inay mo sabihin,” sagot niya.

“Iyong dalawang lalaki—may nakuha ba sila buhat sa silid ni Flora?”

“Wala, sa pagkakatanda ko. Kaya marahil nagalit iyong isa at ipinagtatapon ang mga bagay ni Ate.”

“Buhat noon, wala kayong inalis na gamit sa silid?”

“Wala. Nariyan lahat ang kanyang ari-arian.”

“Sulat ba ito ng iyong kapatid?” Ipinakita ko sa kanya ang papel.

“Oo.”

Sinundan ko siya pababa sa sala. Nananabik ang tingin sa akin ni Mrs. Sanchez.

“Mayroon ka bang natagpuan?” sabi niya.

“Oho, pero hindi pa malinaw ang katuturan. Gusto ko hong hiramín ang aklat na ito.”

“Sige, kung nais mo. Sana’y makatulong iyan.”

Ipinakita ko rin sa kanya ang kapirasong pael. “Sulat ho ba ito ni Flora?”

Ilang saglit niyang tinitigan iyon. “Sa palagay ko,” sabi niya.

Binigyan ko siya ng aking tarheta. “Eto ho ang aking tirahan. Kung maaari, pagsabihan ninyo ako kapag may maisip kayong makatutulong sa aking paghahanap.”

Pinasalamatán ko siya at pinangakuan na padadalhan ng balita anuman ang kalabasan ng aking paghahanap sa kanyang anak. Nagbuntung-hininga siya at nagwikang hindi siya tinatakasán ng pag-asa dahil isa siyang masugid na Katoliko, ngunit mahirap ang umasa kung walang inaasahan. Sinabi kong kailangan niya ang lakas ng loob sa mga ganitong pagkakataon. Sa pintuan, nagpaalam din ako kay Conrado. Nabigla ako nang ako ay kamayan niya. Kumirod sa aking puso para sa mag-inang ito na pinarurusahan ng tadhana para sa isang kasalanang hindi nila ginawa.